REPUBLIKA ÑG PILIPINAS
HUKUMAN ÑG PAGHAHABOL SA BUWIS
LUNGSOD QUEZON

PHILIPPINE ACETYLENE COMPANY,
May-kahiliñgan,

- laban kay -

H.P.B. USAPIN
BLG. 708

KOMISYONADO ÑG RENTAS INTERNAS,
Nananagutan.

x - - - - - - - - - - - - - - - - - x

P A S I Y A

Ito ay isang paghahabol ñg May-kahiliñgan sa pasiya ñg Nananagutan na ang nauna ay nananagot sa pagbabayad ñg kakulañgang buwis sa benta sa kabuuang halaga na ₱4,512.15.

Ang May-kahiliñgan ay isang katutubong korporasyon na nagnenegosyo sa paggawa at pagbibili ñg "oxygen" at "acetylene gases." Sa loob ñg panahon mula sa ika-10 ñg Nobyembre, 1958 hanggang sa ika-9 ñg Enero, 1959, ang May-kahiliñgan ay nagbayad ñg pitung bahagdán (7%) buwis sa benta, alinsunod sa itinatadhana ñg Tuntuning 186 ñg Kodigo sa Buwis, ñg kabuang halaga na ₱4,512.15, na batay sa mga benta nila sa Pambansang Samahan sa Elektrisidad (National Power Corporation) at sa ahente nito, ang Philippine Engineer's Syndicate. Pagkatapos, ang May-kahiliñgan ay hinabol ang pagbabalik sa kanya ñg kanyang ibinayad sa buwis sa dahilang ang Pambansang Samahan sa Elektrisidad ay isang industriyang libre sa pagbabayad ñg buwis sa benta. Ang paghahabol ay tinanggihan ñg Nananagutan sa dahilang ang pagkalibre (exemption) na ibinigay sa Pambansang Samahan sa Elektrisidad sa ilalim ñg tadhana ñg Batas ñg Republika, Blg. 358, ay nauukol lamang sa tuwirang (direct) buwis at hindi

LDV

umaabot sa di-tuwirang (indirect) buwis. Dahil dito, ang lahat ñg kahiliñgan na muling isaalangalang ang pasiya ay hindi dininig ñg Nananagutan, kaya't dinala sa Hukumang ito ang paghahabol.

Ang tañging pinag-uusapan ó isyu sa usaping ito ay kung dapat o hindi magbayad ñg buwis sa benta ang May-kahiliñgan sa kanyang mga benta sa Pambansang Samahan sa Elektrisidad.

Iminamatuwid ñg May-kahiliñgan na sa ilalim ñg tadhana ñg Batas ñg Republika, Blg. 358, na sinusugan ñg Batas ñg Republika, Blg. 987, ang Pambansang Samahan sa Elektrisidad ay libre sa pagbabayad ñg lahat ñg buwis, at dahil dito, ang mga benta ñg "oxygen" at "acetylene gases" sa nabanggit na korporasyon ay libre din sa pagbabayad ñg buwis sa benta. Ang nahihinggil na tadhana ñg nabanggit na batas ay ganito:

> "SEC. 2. To facilitate payment of its indebtedness, the National Power Corporation shall be exempt from all taxes, except real property tax, and from all duties, fees, imposts, charges and restriction of the Republic of the Philippines, its provinces, cities and municipalities."

Ang pinag-uusapan ó isyu ay hindi bago. Sa isang usaping kahawig nito ñg mga panig ding ito, ang Hukumang ito ay nagpasiya:

> "We find the contention of the petitioner without merit. To our mind, under the above quoted provision of section 2, Republic Act No. 358, the National Power Corporation is exempt from the payment of only those taxes directly payable by it. As correctly stated by the Executive Secretary in his letter dated February 26, 1955 to the General Manager of the National Power Corporation, 'the exemption granted by Republic Act No. 358 applies only to direct taxes but does not extend to indirect taxes. x x x

that the doctrine of tax immunity is not applicable where the tax is an indirect tax collectible from the manufacturer, producer or importer.' (Exh. 1, p. 127, CTA rec.)

"The case at bar involves the assessment and payment of sales tax prescribed by Section 186 of the Tax Code. It is a direct tax on sales of articles or goods 'to be paid by the manufacturer or producer" -- the original seller -- like the petitioner herein, and not by the buyer. Therefore, petitioner Philippine Acetylene Company, the manufacturer or producer of the oxygen and acetylene gases sold to the National Power Corporation, cannot claim exemption from the payment of sales tax simply because its buyer - the National Power Corporation - is exempt from the payment of all taxes. Exemptions from taxation are highly disfavored in law and cannot be permitted to exist upon a vague implication. (Asiatic Petroleum Co. vs. Llanes, 49 Phil. 466.)

"It is the universal and established rule that he who claims an exemption from his share of the common burden or taxation must justify his claim by showing that the Legislature intended to exempt him by words too plain to be mistaken. (Government vs. Monte de Piedad, 35 Phil. 42.) Exemption from taxation must be shown indubitably to exist. The presumption is always against any surrender of the taxing power. (Molina vs. Rafferty, 37 Phil. 545.) In the present case, the petitioner succeeded in showing to our satisfaction that the National Power Corporation is exempt from the payment of all taxes, except real property tax, but it failed to prove that it is exempt from the payment of the sales tax assessed on the sales of oxygen and acetylene gases to the National Power Corporation." (Philippine Acetylene Company v. The Commissioner of Internal Revenue, C.T.A. No. 898, Mar. 2, 1962)."

DAHIL DITO, at sapagka't wala kaming makitang pinagsasaligan na baguhin ang pasiya na aming sinipi sa itaas, ang paghahabol na ito ay aming pinawawalang-

saysay ñg may gugol (kostas) sa May-kahiliñgan.

IPINAG-UUTOS.

Lungsod Quezon, ika 17 ñg Setyembre, 1965.

TEOFILO D. REYES, AMA
Tagapañgulong Hukom

SUMASANG-AYON KAMI:

ROMAN M. UMALI
Kagawad na Hukom

ALEJANDRO B. AFURONG
Kagawad na Hukom

205